

Mga Pagbabago sa Materyal ng ALPR-Patrol

Seattle Police Department (SPD)

Ano ang teknolohiya?

Ang mga Automated License Plate Reader (ALPR) ay isang kombinasyon ng software at hardware na ginagamit para sa pagkuha at pagsubaybay ng mga larawan ng mga plaka ng lisensya.

Ginagamit ng SPD ang ALPR upang mapanatili ang kaligtasan ng publiko at pagpapatupad ng mga naaangkop na batas na may kaugnayan sa mga ninakaw na sasakyan, pagpapatupad ng paradahan, at iba pang mga aktibong pagsisiyasat.

Noong 2021, ipinasa ng Konseho ng Lungsod ng Seattle ang Ordinansa 126312, na nag-aapruba sa paggamit ng SPD ng teknolohiya ng ALPR sa 8 sasakyan na pangpatrol ng SPD.

Ang bukas na panahon ng komentaryo para sa teknolohiya na ito ay kasalukuyang isinasagawa. Kayo ay maaaring magbigay ng komentaryo sa [Seattle.gov/SurveillanceComment](https://seattle.gov/SurveillanceComment).

Lahat ng mga komentaryo ay isasama sa Ulat sa Epekto ng Pagsubaybay sa teknolohiya na ito at isusumite sa Konseho.

Kung gusto ninyo na magbigay ng puna sa labas ng bukas na panahon ng komentaryo, mangyaring isumite ng direkta ang mga ito sa Konseho ng Lungsod.

Ano ang hinihiling na pagbabago sa materyal?

- Ang lahat ng sasakyan ng SPD na mayroong nakalagay na video ay magkakaroon ng ALPR na pinagana ang paggamit bilang bahagi ng kasalukuyang plataporma ng video sa sasakyan.
- Lahat ng nakatalagang mga opisyal ng SPD ay sasanayin sa paggamit ng video sa loob ng sasakyan na pinagana ang paggamit ng ALPR.
- Ang sistema ng opisina na sumusuporta sa operasyon kung saan isinasalin ang datos ng ALPR camera at ang ALPR na inilagay ay magbabago mula sa plataporma ng Neology Pips patungo sa pinalawak na plataporma ng Axon Fleet Hub.

Ano ang hindi magbabago?

- **Walang gagawing pagbabago sa pagpapanatili ng datos.** Lahat ng datos na nakolekta ng sistema ng ALPR - mga larawan, isinalin ng computer na numero ng plaka ng lisensya, petsa, oras, at lokasyon ng GPS – ay iniimbak at pinananatili sa loob ng 90 araw. Pagkatapos ng 90 araw, lahat ng datos na nakolekta ng sistema ng ALPR ay awtomatikong nabubura maliban kung ito at ay may hudyat na magsisilbi ng layunin sa pagsisiyasat – kung saan, ito ay kasama sa isang file ng pagsisiyasat.